




OFFICE OF THE SANGGUNIANG DAYAN



BINIPÍ SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG DAYAN NG MUNISIPALITYO NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 14, 1997, NA-7100
NG UMAGA SA BUHAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG DAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bontista
Kagawad Ramil O. Dinapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ramulfo G. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Eduardo G. Villarin - ANC President

KAPASAYAHAN SLS. 028
Taong 1997

KAPASAYAHAN MAPITAGANG HUMIHILINO SA KOG. NA DIREKTOR
NG KAGAWARAN NG PAGAMAIN AT LANSANGANG BAYAN, REHIYON
IV, NA MAPADALI ANG IMPLEMENTASYON NG FARM-TO-MARKET
ROADS SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga daang panbarangay ay lubhang kinakailangan upang
ang mga produkto ng mga lupain ay madaling madala sa mga
panilihan sa labas ng barangay at sa kabayanan;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan, maraming barangay sa bayan ng Roxas,
Silangang Mindoro ang nasa loob ng kalsadang mayoral,
karamihan ay may malalawak na lupaing tinitamnan ng pelay,
mais, mga gulayin, niyog at iba pang halasang pinagkukunan
ng kabuhatan at ikinitubuhay ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T karamihan sa mga barangay na ito ay walang magandang daan
upang madali at masyos na madala sa labas ng barangay at
sa panilihang bayan sa kabayanan ang kanilang mga produkto,
habiling na rito ang mga sibyong magsasakupan ng Barangay
Odiong at Camal, gayundin ang sa Barangay Victoria, San
Aquilino at San Isidro;

SAPAGKA'T sa maraming panahon at pagkakataon, ang mga mamamayan ng
nabanggit na mga barangay ay lubhang mapektuhan lalo na
sa panahon ng tag-ulan kung saan nagkakaroon ng pagkalugi
at malaking kawalang pinansyal dahil sa pagkasira o pagka-
bulok ng produkto, at pagkabalala sa pag-abot sa panahong
malaki at mataas ang pangangailangan sa mga produktong ito
sa mga panilihan;

SAPAGKA'T napag-alaman ng pamumuhan ng bayan ito na mayroon nang
pondong balawa at kalahating milyong Piso (P2.5 M) para sa
farm-to-market roads ng Barangay Odiong-San Juan ng bayan

Recy

[Signature]

ito at ang gugulin (allotment) para rito ay naipadala na sa lalawigan ng Silangang Mindoro para sa implementasyon ng DFWH;

SAPAGKA'T mahigit na apat na reang pamilya (400 families) ang mabibiyaynan at sa ganito'y magkakaroon ng malaking kaluwagan sa kanilang ekonomiya kapag ang farm-to-market road ng Odiong-San Juan ay naipagawa kasagat ng mga kinaukulan;

SAPAGKA'T ang mga mamamayan ng nabanggit na barangay ay maging na humiling sa pamumuhan ng bayang ito upang sila'y madagyang-suporta sa kahilingang naipaabot sa kinaukulan ang madaliang pagpapagawa ng pangunahing pangangailangang itong farm-to-market road sa Odiong-San Juan;

SAPAGKA'T dahil sa naipalabas na rin ang pondong nagkakahalaga ng P2.5 M ipinasya ng mga mamamayang sangkot at ng mga opisyal na Roxas, Silangang Mindoro na mapitagang hilingin sa kinaukulan at dito'y sa Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan ang madaliang implementasyon ng farm-to-market roads sa bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talera na sinangayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan, Rehiyon IV-B na madali ang implementasyon ng farm-to-market roads sa Roxas, Silangang Mindoro para sa kapakinabangan ng mahigit na 400 pamilyang umasa sa malaking tulong nito sa kanilang pamumuhay.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. na Direktor, Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan, Rehiyon IV-B, EDSA, Quezon City para sa kanyang maagap na pagakseyon sa kahilingang ito.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. na Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka, Elliptical Road, Diliman, Quezon City, Kgg. Kalihim ng Budyet at Pamanahala, Malacanang, Manila, District Engineer, DFWH, Calapan, Silangang Mindoro at Sangguniang Barangay, Odiong, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: 14 Abril 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINATITIBAY:

CELACIO I. YASON
Punong Bayan